# 5 mga bagay na maaari mong gawin para maging handa sa pagpapatala

## 1 Puntahan ang **HealthCare.gov**

Matuto pa tungkol sa Health Insurance Marketplace® at mga ibang programa, tulad ng Medicaid at Children's Health Insurance Program (CHIP).

## 2 Tanungin ang iyong taga-empleyo kung naghahandog ito ngpangkalusugang seguro

Kung ang iyong employer ay hindi nag-aalok ng insurance sa pangkalusugan, maaari kang makakuha ng coverage sa pamamagitan ng Marketplace o iba pang mga mapagkukunan, tulad ng Medicare o TRICARE.

## 3 Gumawa ng listahan ng mga katanungan bago pa man dumating ang panahong pipili ka na ng iyong planong pangkalusugan

Halimbawa, "Maaari ba akong manatili sa kasalukuyan kong doktor?" o "Sasaklawin ba ng planong ito ang mga pangkalusugang gastos ko kapag bumibiyahe ako?"

## 4 Mangalap ng mahalagang impormasyon tungkol sa kita ng sambayahan

Kakailanganin mo ang impormasyon sa kita mula sa W-2, mga pay stub, o tax return.

## 5 Itakda ang iyong badyet

May iba't ibang uri ng planong pangkalusugan para matugunan ang sari-saring mga pangangailangan at mga badyet. Kakailanganin mong alamin kung magkano ang maaari mong gastusin sa mga premium bawat buwan, at kung magkano ang gusto mong bayaran mula sa sariling bulsa para sa mga reseta o serbisyong medikal.

## Health Insurance Marketplace

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Marketplace sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, Braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka.

Bisitahin ang **CMS.gov/about-cms/agency-information/aboutwebsite/CMSNondiscriminationnotice** o tumawag sa 1-800-318-2596. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.

DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES · USA

HealthCare.gov

CMS Product No. 11629-T (Tagalog) September 2023

This product was produced at U.S. taxpayer expense.

Health Insurance Marketplace® is a registered service mark of the U.S. Department of Health & Human Services.



# Ang Health Insurance Marketplace®

## Mga pagpipilian sa pangkalusugang seguro

Ang Marketplace ay tumutulong sa iyo na hanapin ang pangkalusugang saklaw na angkop sa iyong badyet at tumutugon sa iyong mga pangangailangan. Kapag nag-apply ka para sa coverage, maaari mong malaman ang lahat ng iyong mga opsyon at mag-enroll. Maaari kang mag-apply para sa pribadong insurance, Medicaid, o Children's Health Insurance Program (CHIP) kung karapat-dapat ka.

Ang bawat planong pangkalusugan sa Marketplace ay naghahandog ng parehong hanay ng mahahalagang benepisyo sa kalusugan, tulad ng mga pagbisita sa doktor, mga preventive na pag-aalaga, pagpapa-ospital, mga reseta, at marami pa. Maaaring paghambingin mo ang mga plano batay sa presyo, mga benepisyo, at ibang mga katangian na importante sa iyo bago gumawa ng pagpili.


## Mga plano sa seguro na pinamamahalaan ng mga pribadong kompanya

Mga plano sa seguro na iniaalok sa pamamagitan ng Marketplace ay pinamamahalaan ng mga pribadong kompanya. Maaari mong ihambing ang iyong pangkalusugang saklaw na mga opsiyon sa Marketplace at tingnan kung ano ang iyong premyum, mga maiaawas, at mula-sa-bulsang mga gastos bago ka magdesisyon sa pagpapatala.

May mga proteksyon para sa iyo at iyong sambahayan. Hindi maaaring tanggihan ng mga plano sa seguro ang iyong saklaw dahil sa mga dati pa o malalang kondisyon, tulad ng kanser o diyabetis, at hindi maaaring singilin ng ang babae at lalake nang magkaibang mga premyum.

## Makakuha ng tulong sa mga gastos

Kapag ginamit mo ang Marketplace, maaari mong makuha ang tax credit para mapababa ang iyong buwanang mga premium at tumulong sa iyong mga gastos mula sa sariling bulsa. Kapag nag-aplay ka, malalaman mo kung magkano ang iyong matitipid.



## Galugarin ang Marketplace

Puntahan ang **HealthCare.gov** upang makuha ang sagot sa mga tanong mo at mag-sign up para sa mga update sa e-mail tungkol sa Marketplace. Maaari ka ring tumawag sa Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.

Sa panahon ng Pagbubukas ng Enrollment (Nobyembre 1 – Enero 15), maaari kang pumunta sa **HealthCare.gov** o sa iyong Marketplace ng estado at mag-apply para sa coverage sa kalusugan, paghambingin ang lahat ng iyong mga opsyon, at magpa-enroll sa isang plano.

Maaari kang mag-apply para sa coverage sa labas ng Pagbubukas ng Enrollment kung kwalipikado ka para sa Espesyal na Panahon ng Pagpa-enroll (Special Enrollment Period) batay sa tinantyang kita ng sambahayan o dahil sa pagbabago ng buhay, tulad ng:

- Nawalan ng Medicaid, CHIP, o iba pang coverage
- Pag-aasawa
- Ang pagkakaroon ng sanggol
- Lilipat
- Mga pagbabago sa iyong tinantyang kita ng sambahayan

Maaari ka ring mag-appy sa Medicaid at CHIP anumang oras ng taon gamit ang parehong aplikasyon.